

Mga Madalas Itanong Tungkol sa Iyong Mga Benepisyong Lumalawak sa Medi-Cal

1. Sakop pa rin ba ako ng Medi-Cal?

Oo. Mayroon ka pa ring Medi-Cal. Nagdaragdag ang estado ng mas maraming benepisyo sa iyong pagkakasakop sa Medi-Cal. Magkakaroon ka ng mas maraming benepisyo sa kumpletong Medi-Cal.

2. Bakit magbabago ang aking Medi-Cal?

Simula Enero 1, 2020, magbibigay ang isang bagong batas sa California ng kumpletong Medi-Cal sa mga nasa hustong gulang na karapat-dapat sa Medi-Cal at walang pang 26 taong gulang. Hindi mahalaga ang katayuan sa imigrasyon.

3. Ano ang kumpletong Medi-Cal?

Nagkakaloob ang Medi-Cal ng libre o murang pangangalagang pangkalusugan sa ilang taong naninirahan sa California. Sinasakop ng kumpletong Medi-Cal ang higit pa sa pang-emerhensiyang pangangalagang pangkalusugan. Nagkakaloob ito ng pangangalagang medikal, dental, kalusugang pangkaisipan, pagpapalano ng pamilya at paningin (sa mata). Sakop din ng kumpletong Medi-Cal ang pagpapagamot para sa pagkalulong sa alak at droga, mga gamot na inirereseta ng iyong doktor, at marami pang iba. Maaari rin itong magkaloob ng transportasyon papunta sa mga pagbisita sa doktor at dentista at para makuha ang iyong mga gamot. Magkakaroon ka ng pangunahing tagapangalagang doktor. Maaari kang makatanggap ng mga referral sa mga ispesyalista, kung kinakailangan. Upang makaalam pa tungkol sa mga benepisyo ng kumpletong Medi-Cal, magpunta sa:

https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/Medi-Cal_EHB_Benefits.aspx

Naiiba ang kumpletong Medi-Cal sa limitadong Medi-Cal na mayroon ka ngayon. Limitadong serbisyo ang sakop ng limitadong Medi-Cal. Hindi nito sinasakop ang gamot o pangunahing pangangalaga. Kung mayroon kang limitadong Medi-Cal na may kaugnayan sa pagbubuntis, magkakaroon ka ng mga kumpletong benepisyo ng Medi-Cal, kung medikal na kinakailangan ang serbisyo.

4. Paano kung malapit na akong mag-26 taon?

Magkakaroon ka ng kumpletong Medi-Cal hanggang ikaw ay mag-26 taong gulang. Depende sa county kung saan ka nakatira, kapag nag-26 ka sa pagitan ng Enero 2, 2020 at Hunyo 30, 2020 maaari mong piliing manatili sa fee-for-service Medi-Cal o mag-enrol sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

5. Paano ko magagamit ang aking bagong kumpletong Medi-Cal?

Maliban kung mag-26 taon ka na sa pagitan ng Enero 2, 2020 at Hunyo 30, 2020, kakailanganin mong mag-enrol sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa sandaling magkaroon ka ng kumpletong Medi-Cal. Bago ka mag-enrol sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, magkakaroon ka ng mga kumpletong benepisyo sa pamamagitan ng fee-for-service (regular) Medi-Cal.

Sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari kang magpunta sa mga doktor na nagtatrabaho kasama ng plano. Maaari kang magpa-checkup,

magpatingin sa ispesyalista, tumanggap ng pangangalaga para sa isang pangmatagalang kondisyon tulad ng diabetes, o magpa-opera. Sasakupin ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang anumang medikal na kinakailangang serbisyo.

6. Ano ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Ang isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay isang health insurance plan na sumasakop sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang plano sa mga tagapagbigay-serbisyo upang tiyakin na makukuha mo ang mga serbisyong kailangan mo para magnatiling malusog. Ang isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay nakikipagtulungan sa iyong mga doktor upang pamahalaan ang iyong pangangalaga. Kapag ikaw ay nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, ibibigay ng iyong plano ang karamihan ng iyong mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan.

7. Paano ako pipili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Nakadepende ang iyong mga pagpipiliang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa county kung saan ka nainirahan. Matapos mong lumipat sa kumpletong Medi-Cal, makakatanggap ka ng sulat sa koreo. Sasabihin nito sa iyo ang iyong mga pagpipiliang planong pangkalusugan ng Medi-Cal at kung paanong magpa-enrol. Kung mayroon kang doktor o clinic ngayon, tanungin sila kung nagtatrabaho sila kasama ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county. Kung nais mong manatili sa doktor o clinic na iyon, maaari ong piliin ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na iyon.

Kung mayroon kang komplikadong medikal na kondisyon at nagpapatingin sa isang doktor o clinic na hindi nagtatrabaho kasama ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county, sagutan at ipadala ang “Medical Exemption Request” form na kasama ng pakete ng mga paunawa. Maaari kang humingi ng tulong sa iyong doktor o clinic o mula sa isang tagapagtaguyod. Kung nakatira ka sa isang county na nagkakaloob ng Medi-Cal sa pamamagitan ng isang County Organized Health System (COHS), hindi ka maaaring humingi ng Medical Exemption. Ito ay dahil walang tagapagbigay ng fee-for-service. Kokontakin ka ng COHS plan. Padadalhan ka nila ng mga materyales para sa pagpapa-enrol.

Kapag hindi ka pumili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal, pipili ang Medi-Cal ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county para sa iyo. Bawat buwan, mayroon kang karapatang palitan ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Kung gusto mong palitan ang iyong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY 1-800-430-7077). O magpunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>. Kapag pinalitan mo ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, kailangan mong mag-enrol sa ibang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa parehong county. Hindi ka pwedeng bumalik sa fee-for-service.

8. Paano ako makakakuha ng pangangalaga bago ako makapasok sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Sa buwan na nagkaroon ka ng kumpletong Medi-Cal, magkakaroon ka ng fee-for-service Medi-Cal hanggang sa ma-enrol ka sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Pwede kang pumunta sa kahit na sinong doktor na tumatanggap ng fee-for-service Medi-Cal. Upang maghanap ng doktor, humingi sa lokal na tanggapan ng kapakanan ng inyong county (local county welfare office) ng listahan ng mga tagapagbigay-serbisyo. Kapag tumawag ka sa opisina ng isang doktor, tanungin kung tumatanggap sila ng mga bagong pasyente sa ilalim ng “Medi-Cal fee-for-service”. Maaari mo ring gamitin ang online na listahan ng mga doktor na nasa Medi-Cal fee-for-service program.

9. Sino ang magiging doktor ko habang ako ay nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Kapag naka-enrol ka na sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, kailangan mong pumili ng pangunahing tagapag-alagang doktor na nagtatrabaho kasama ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Maaari mong tanungin ang iyong kasalukuyang doktor kung nagtatrabaho sila kasama ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county. Kung nagtatrabaho ang iyong doktor sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county, maaari mong panatilihin ang iyong doktor sa pamamagitan ng pagpili sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal kung saan sila nagtatrabaho. Tapos piliin mo ang doktor na iyon kapag nagpa-enrol ka na sa plano.

Kung kailangan mo ng doktor, sasabihin sa iyo ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal kung saan makakahangap ng online na listahan ng mga doktor. Maaari mo ring hilingin sa kanilang magpadala sa iyo sa koreo ng listahan ng mga doktor. Kapag hindi ka pumili ng doktor, ang plano ang pipili para sa iyo. Maaari mong palitan ang iyong doktor anumang oras. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o para palitan ang iyong doktor, tawagan ang serbisyong pangmiyembro ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kung ikaw ay nasa isang COHS county, pwede mong tawagan ang mga serbisyong pangmiyembro ng planong pangkalusugan ng COHS Medi-Cal sa inyong county. Tanungin kung pwede ka pa ring magpatingin sa iyong doktor kapag nagpa-enrol ka sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

10. Maaari ko bang panatilihin ang aking doktor kung hindi nagtatrabaho ang aking doktor kasama ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Kung nagpatingin ka na sa isang doktor sa loob ng nakalipas na 12 buwan at hindi nagtatrabaho ang doktor na iyon sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Kapag nagkasundo ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal at ang doktor na magtatrabaho nang magkasama, nangangahulugan ito na maaari mong ipagpapatuloy ang pagpatingin sa iyong doktor nang hanggang 12 buwan pa.

Kung gusto mo ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga, tawagan ang mga serbisyong pangmiyembro ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kung mayroon kang komplikadong medikal na kondisyon at hindi bahagi ng isang planong

pangkalusugan ng Medi-Cal ang iyong doktor sa inyong county, pwede mong hilingin na sagutan ang “Medical Exemption Request” form nang sa gayon ay patuloy kang makakapagpatingin sa iyong doktor.

11. Magbabayad ba ako ng co-payments?

Hindi. Walang co-payment. Sinasakop ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang lahat ng gastusing medikal na medikal na kinakailangan.

12. Magkakaroon ba ako ng Share of Cost (SOC)?

Depende. Kung magbabayad ka ng SOC ngayon, patuloy kang magbabayad ng SOC.

13. Anong iba pang serbisyo ang pwede kong matanggap?

Mga Serbisyonang Dental

Maaari kang tumanggap ng mga serbisyonang dental sa pamamagitan ng Medi-Cal.

- Kung naninirahan ka sa Sacramento County, makakatanggap ka ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang Medi-Cal Dental Managed Care plan. Upang makaalam pa tungkol sa mga Medi-Cal Dental Managed Care plan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077). O maaari mong sagutan ang Dental Choice Form sa iyong Enrolment Choice Packet.
- Kung naninirahan ka sa Los Angeles County, maaari kang makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program sa pamamagitan ng fee-for-service dental o sa isang Medi-Cal Dental Managed Care plan. Upang makaalam pa tungkol sa pagpapa-enrol sa isang Medi-Cal Dental Managed Care plan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077). O maaari mong sagutan ang Dental Choice Form sa iyong Enrolment Choice Packet.
- Para sa lahat ng iba pang county, makakatanggap ka ng mga serbisyonang dental na fee-for-service (regular na Medi-Cal para sa mga serbisyonang dental) sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program. Kakailanganin mong magpunta sa isang dentista na tumatanggap ng Medi-Cal Dental. Upang maghanap ng dentista, maaari mong tawagan ang Medi-Cal Dental Telephone Service Center sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922), Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Libreng tumawag. Maaari ka ring makahanap ng dentista sa website ng Medi-Cal Dental Program’s Smile, California: <http://smilecalifornia.org/>.

Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya

Kabilang sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ang mga serbisyo sa kalusugang reproduktibo at sekswal. Kabilang sa mga serbisyo ang mga contraceptive, pagpapasuri at pagpapagamot ng mga sexually transmitted infection, mga serbisyonang pangbuntis, at abortion. Bilang benepisyaryo ng Medi-Cal, mayroon kang karapatang pumili ng alinmang tagapagbigay ng serbisyo sa pagpapalano ng

pamilya. Kasama rito ang mga tagapagbigay-serbisyo sa labas ng iyong plano. Makipag-ugnayan sa iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal upang makaalam pa.

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, makipag-usap sa iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o sa iyong doktor. Maaari kang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. O maaari kang i-refer ng plano sa plano sa kalusugang pangkaisipan ng Medi-Cal sa inyong county para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Maaari ka ring humingi ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng plano sa kalusugang pangkaisipan ng iyong county nang walang referral.

Mga Serbisyong Paggagamot sa Pagkalulong sa Alak at Droga

Kung nahihirapan ka sa pagkalulong sa alak o iba pang pagkalulong sa droga, maaari kang magpatasa upang malaman kung mayroon kang substance use disorder (SUD). Ang SUD ay nagagamot na pangmatagalan at nagpapabalik-balik na sakit sa utak. Sakop ng Medi-Cal ang maraming serbisyo para sa SUD. Tutulungan ka ng iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal na maghanap ng tagapagbigay-serbisyo. O maaari mong tawagan ang kagawaran ng kalusugan ng pag-uugali ng county para sa mga serbisyo.

Hindi-Medikal na Transportasyon

Kung wala kang paraan para pumunta sa doktor, clinic, dentista, o para kumuha ng gamot o iba pang sakop na serbisyo ng Medi-Cal, maaari kang magkwalipika para sa Hindi-Medikal na Transportasyon. Sa sandaling nasa isang planong pangkalusugan ka na ng Medi-Cal, tawagan ang mga serbisyong pangmiyembro upang humiling ng transportasyon. Kapag ikaw ay nasa fee-for-service Medi-Cal, maaari kang makahanap ng kompanya ng transportasyon sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/Transportation.aspx>.

Kung walang tagapagbigay-serbisyong nakalista sa inyong lugar, maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng pag-i-email sa DHCS-Benefits@dhcs.ca.gov. Mangyaring **huwag** maglagay ng personal na impormasyon sa iyong unang email. Sasagot ang mga kawani ng Department of Health Care Services (DHCS) sa pamamagitan ng secure email. Hihingin nila ang iyong impormasyon. Makakatulong na hilingin ang serbisyo nang hindi bababa sa limang araw bago ang iyong appointment.

14. Paano ako makakakuha ng iba pang impormasyon o tulong?

Tawagan ang Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555. Walang bayad ang tawag na ito. Maaari mo ring tawagan ang Tanggapan ng Ombudsman ng DHCS sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Libre ang tawag na ito. Tumutulong ang Tanggapan ng Ombudsman sa mga taong may Medi-Cal na pakinabangan ang kanilang mga karapatan at mga responsibilidad.

Maaari ka ring makaalam pa sa web site ng DHCS sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/YoungAdultExp.aspx>

15. Paano kung may mga tanong ako kaugnay ng mga benepisyo sa Medi-Cal at sa aking katayuan sa imigrasyon?

Mangyaring kumonsulta sa isang kwalipikadong abogado ng imigrasyon kaugnay ng anumang katanungan kaugnay ng iyong katayuan sa imigrasyon at mga benepisyo sa Medi-Cal. Pinopondohan ng California Department of Social Services (CDSS) ang mga kwalipikadong nonprofit organization upang magkaloob ng mga serbisyo sa mga imigranteng naninirahan sa estado ng California. Mayroong listahan ng mga tagapagbigay-serbisyo sa website ng CDSS sa: <https://www.cdss.ca.gov/Benefits-Services/More-Services/Immigration-Services/Immigration-Services-Contractors>

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa imigrasyon at mga sanggunian, pakibisita ang website ng Gabay sa Imigrante ng California sa:

<https://immigrantguide.ca.gov/>